## (153) Si Jesus at ang Babaing Samaritana
### Juan 4:1–42

Sa panahong si Jesus ay nagkatawang-tao sa lupa, ang lupain ng Israel ay nahati sa dalawang mga bahagi: Ang Judea at ang Galilea. Sa pagitan ng dalawang mga bahaging ito ay ang lupain na ang tawag ay Samaria. Ang mga tao na naninirahan sa Samaria ay mula sa iba't ibang bansa at sila ay may magkakahalong mga uri ng pagsamba. Kanilang sinasamba ang Diyos-Jehovah, pero sinasamba rin nila ng sabay ang mga diyos-diyosan ng iba't ibang mga lupain. Galit ang mga Judyo sa Israel laban sa mga taga-Samaria at sa kanilang mga Diyos at wala silang pakialam na anoman sa mga ito.

Kung magpupunta ang mga Judyo mula sa isang bahaging lupain nito ng Israel patungo sa isa, sila ay dumadaan sa palibot ng Samaria, pero hindi sa loob nito. Hindi ito ginawa ni Jesus. Siya ay Diyos at nalalaman Niya ang lahat ng mga bagay. Alam Niya na Siya ay kailangang maglakbay sa pamamagitan ng Samaria. Siya ay may espesyal na dahilan sa pagpunta rito: Nagtungo Siya dito upang dalhin ang mabuting balita na Siya ang Tagapagligtas maging sa mga taga Samaria.

Si Jesus at ang Kanyang mga alagad ay iniwan na ang pista ng paskuwa sa Jerusalem at buong umaga sila ay naglakad sa ilalim ng mainit na arawan patungo sa gitnang lupain ng Samaria. Tanghali na nang sila ay dumating sa isang lugar na tawag ay Sicar. Sa Sicar ay may isang balon ng tubig na dito si Jacob ay naghukay maraming, maraming taon na ang nagdaan. Dahil sa init at kapaguran, sina Jesus ay naupo sa balon, siguro sa isang pader na bato na itinayo sa palibot ng balon sa panahong iyon, at nagpahinga Siya habang ang Kanyang mga alagad ay nagtungo naman sa bayan upang bumili ng ilang makakain.

Habang nakaupo Siya rito, nakita Niya ang isang babaing Samaritana na dumarating upang kumuha ng tubig mula sa balon; at sinabi sa kanya ni Jesus, "Bigyan mo ako ng inumin."

Nagulat ang babaing Samaritana! Ang mga Judyo kasi ay galit sa mga taga Samaria. Hindi rin sila nakikipag-usap kahit kaunting salita man sa kanila. Sinabi niya kay Jesus, "Paanong nangyari na ikaw na isang Judio, ay humihingi ng maiinom sa akin na isang babaing Samaritana?"

Tila hindi sinagot ni Jesus ang kanyang katanungan, dahil sinabi Niya sa kanya na kung nakikilala lamang niya kung Sino Siya na kanyang kausap niya, tiyak hihingi siya ng tubig ng buhay, at bibigyan Niya siya nito.

Pero hindi naintindihan ng babaing Samaritana kung ano ang sinasabi ni Jesus. Wala siyang alam patungkol sa tubig na buhay. Patuloy siya sa pagsasalita patungkol sa pagkuha ng tubig mula sa balon na hinukay ni Jacob. Alam ng babae na si Jacob ay isa sa mga anak ng Diyos. Inisip niya, si Jesus ba ay mas dakila pa kaysa kay Jacob?

Minsan pa, hindi sinagot ni Jesus ang mismong katanungan ng babae. Nagpasimula si Jesus na sabihin sa kanya ang lahat ng patungkol sa tubig ng buhay na maibibigay Niya. Sinabi Niya sa kanya na ang bawat uminom ng tubig na buhat sa balon—na isang pangkaraniwang tubig—ay mauuhaw muli; pero ang sinomang iinom sa tubig ng buhay ay hindi na muling mauuhaw pa. Alam mo ba ang sinasabi ni Jesus na tubig na buhay? Ito ay ang maging kaibigan ng Diyos. Ito ay ang pagkakaroon ng Kanyang pag-ibig at Kanyang kaawaan. Kung wala ang tubig ng buhay na ito tayong lahat ay mamamatay sa impierno dahil sa ating mga kasalanan. Pero dumating si Jesus upang iligtas tayo mula sa ating mga kasalanan—dahil minamahal Niya tayo. Hindi tayo makakainom sa tubig na buhay na iyan gamit ang atin lamang mga bibig. Maiinom natin ito mula sa ating mga puso.

Ginagawa ni Jesus na mauhaw ang babaing Samaritana sa klase ng tubig na ito, na Siyang tubig na buhay. Sinabi ng babae, "Ginoo, bigyan mo ako ng tubig na ito."

Pagkatapos nagtanong si Jesus sa kanya na tawagin nito ang kanyang asawa. Sinabi niya kay Jesus, "Wala akong asawa."

Ipinakita sa kanya ni Jesus na Siya ang Diyos na Siyang nakakaalam sa lahat ng bagay nang sabihin Niya sa kanya na siya ay namumuhay sa masamang pamumuhay; dahil mayroon na siyang limang mga asawa, at ang lalaki na kanyang kasama sa buhay ngayon ay hindi niya talaga asawa. Nalalaman ni Jesus ang lahat niyang mga lihim.

Nalalaman ng babaing Samaritana na si Jesus ay propetang mula sa Diyos. Pero hindi niya alam kung paano sambahin ang Diyos. Siya ay isang Samaritana at sumasamba sila sa Diyos sa Samaria. Ang mga Judyo kasi ay sumasamba sa templo sa Jerusalem. Saan nga ba ang tamang lugar?  Pagkatapos ipinaliwanag ni Jesus sa kanya na hindi mahalaga ang lugar, dahil ang Diyos ay Espiritu, at ang bayan ng Diyos ay makasasamba sa Kanya sa kanilang mga puso, saanman sila naroroon.

May sinabi pang isang bagay kay Jesus ang babaing Samaritana: na si Jesu Cristo, ang Tagapagligtas ay darating, at Kanyang sasabihin sa kanila ang lahat ng mga bagay na

dapat nilang malaman. Sa palagay mo ba, siya ay nagulat at nasiyahan nang sabihin sa kanya ni Jesus: "Ako nga iyon na kumakausap sa iyo"?

Sa palagay ko magugustuhan natin ang babaing Samaritanang ito. Nakalimutan niya ang lahat niyang tapayan sa balon at tumakbong patungo sa bayan upang hanapin ang kanyang mga kaibigan. Siya ay sabik na sabik na nagsabi ng magandang balita at patuloy na nagsasabi, "Halikayo, tingnan ninyo ang isang tao, na nagsabi sa akin ng lahat ng mga bagay na aking ginawa. Ito na nga kaya ang Cristo?"

Nakinig ang kanyang mga kaibigan at sumunod sa kanya palabas ng bayan hanggang sa makaharap nila si Jesus. Sila ay nakiusap sa Kanya na manatiling kasama nila at tinuruan Niya sila ng dalawang araw. Marami sa kanila ay sumampalataya, hindi ito dahil sa babaing Samaritana, kundi dahil sa mga pananalita ng katotohanan na itinuro sa kanila ni Jesus. Bago pa umalis si Jesus, sinabi nila ang mga magagandang pananalitang ito: "nalalaman naming ito nga ang Mesiyas, ang Tagapagligtas ng sanlibutan,"

**TANDAAN:**

Ginamit ni Jesus ang tubig na ating iniinom mula sa baso na isang larawan ng tubig na buhay, ang tubig ng Kanyang pag-ibig at kaawaan, na Kanyang ibinubuhos sa ating mga puso. Nagagalak ba tayo sa ginawa Niyang pagka-uhaw natin para sa Kanya?